

## 1. Summary o kabuuan ng Public Pension tulad ng National Pension

- (1) Lahat ng mga naninirahan sa Japan mula 20 hanggang 59 taong gulang ay kinakailangang sumali sa sistema ng National Pension at magbayad ng naaangkop na singil sa ilalim ng batas.
- (2) Ang Public Pension ay isang sistemang suportado ng iba't-ibang salinlahi o generation.
- (3) Bukod sa Old-age Pension, sakop ng Public Pension ang Disability Pension o Survivor's Pension na nagbibigay ng proteksiyon sa pagkapilay o kapag namatayan.
- (4) Sa National Pension, ang bahagi ng pensyon na tatanggapin ay suportado ng gobyerno.
- (5) Ang kabuuang halaga ng premiums na inyong binabayaran para sa Public Pension ay kasali sa exemption sa Social Insurance Premiums.

## 2. Subscribers ng National Pension at ang paraan ng pagsali

Ang mga subscribers ng National Pension ay hinahati sa tatlong kategorya, at ang paraan ng pagsali ay ang mga sumusunod.

- (1) Kategorya 1, Taong nakaseguro  
Ang lahat ng mga residente o mga naninirahan sa Japan mula 20 hanggang 59 taong gulang, na hindi nasasakop sa Kategorya 2 o sa Kategorya 3.  
→ Para sa mga dayuhang kasakop sa Kategorya 1, maaring mag-apply sa tanggapan ng National Pension sa municipal government office matapos mag-apply para sa kard ng paninirahan sa nasabing tanggapan.  
→ Ang paraang ito ay kailangan para sa pagkuha ng Japanese citizenship o maging isang naturalized citizen.  
→ Bayaran ang buwanang singil o premiums sa pamamagitan ng mga payment slips na ipapadala ng Japan Pension Service (JPS). (Basahin ang "4. Buwanang singil o Monthly Premium")
- (2) Kategorya 2, Taong nakaseguro  
Para sa mga nagtatrabaho sa kompanya o pabrika na sumali sa Employees' Pension Insurance, at iba pa.  
→ Ang mga namamahala ng kompanya ang gagawa ng aplikasyon para sa inyo at hindi na kailangang kayo mismo ang aasikaso nito. Para sa mga detalye, magtanong sa inyong opisina o pook ng trabaho.  
→ Ang mga singil o premiums ay dedukusyuniin mula sa inyong sahod at ang inyong employer ang magbabayad.
- (3) Kategorya 3, Taong nakaseguro  
Ang asawa na may edad mula 20 hanggang 59 taong gulang na dependente o umaasa sa Kategorya 2 (Dependent spouses)  
→ Ang paraan ng pagsali at iba pa, ay gagawin o aayusin ng kompanya, kung saan ang asawa ninyong kasakop sa Kategorya 2, ay nagtatrabaho. Para sa mga detalye, magtanong sa opisinang pinapasukan ng inyong asawa.  
→ Hindi na kailangang magbayad ng buwanang singil o premium dahil sagot na ito o babayaran ng buo sa ilalim ng Kategorya 2.

## 3. Pension Handbook o libreta ng seguro

Matapos isagawa ang aplikasyon para sa National Pension, makakatanggap kayo ng isang libreta o Pension Handbook. Ang libretang ito ay importante at maaring gamitin bilang isang I.D. o Self Identification sa panahon ng pagtanggap ng Pension. Gagamitin ninyo ito habambuhay, kaya ingatan itong mabuti.

Kapag nawala bagay na ito, ang taong nakaseguro sa Kategorya 1 ay maaring magsagawa ng aplikasyon sa JPS Branch Office sa pinakamalapit na municipal office sa inyong lugar. Ang Taong nakaseguro sa Kategorya 2 naman ay maaring mag-apply sa JPS Branch Office o sa pamamagitan ng kanilang mga employers. Ang Taong nakaseguro sa Kategorya 3 naman ay maaring magsagawa ng aplikasyon sa pamamagitan ng nabanggit na mga employers.

## 4. Buwanang singil o Monthly Premium

Ang buwang singil o premium para sa National Pension mula sa Abril 2013 at Marso 2014 ay 15,040 yen. Siguruhing bayaran ang nasabing mga premiums sa katapusan ng susunod na buwan.

Bukod sa pagbabayad ng cash sa mga financial institutions tulad ng mga bangko, post office, convenience stores, iba pa, maaring bayaran ito sa pamamagitan ng Account Transfer o sa Internet.

May sistemang nagbibigay ng discount sa buwanang singil o premium, kung babayaran ng advance ang halaga ng itinakdang premium. Mas malaki ang discounts na binibigay kapag ang pagbabayad ay isinagawa sa pamamagitan ng Account Transfer kompara sa pagbabayad ng cash.

## 5. Kapag nahihirapang bayaran ang mga Premiums (Premium Exemption System)

Kapag nahihirapang bayaran ang mga premiums sanhi ng mababang pasahod at iba pa, mag-apply agad para sa exemption sa pinakamalapit na munisipiyong. Kapag naaprubahan ito ng opisina ng pensyon matapos suriin ang inyong income sa nakaraang taon, ang buong halaga o bahagi ng premiums ay hindi na kailangang bayaran.

Ang table sa kanan ay nagsasaad ng mga uri ng premium exemption, halaga ng premiums na dapat barayan at ang halaga ng Basic Old-age Pension sa exemption period kompara sa kaso na kung saan nagbabayad ng buong halaga ng mga premiums.

[Mga dapat ingatan]

- (1) Sa kaso ng pagbabayad ng 1/4, kalahati o 3/4 ng halaga, kung hindi nabayaran ang mga partial premiums na nabanggit, maaring mawalang bisa ang partial exemption at malamang na magkaroon kayo ng arrears o mga bayarin sa bandang huli. Sa kasong ito, hindi lamang maiimbak ito sa Basic Old-age Pension sa hinaharap kundi maaring hindi ninyo matanggap ang nararapat na Basic Disability Pension o Basic Survivor's Pension (sa kaso ng pagkapilay o kapag namatayan).
- (2) Ang Youth Payment Deferral System ay maaring gamitin ng mga taong wala pang 30 taong gulang.
- (3) Ang Special Pension Payment Exemption para sa mga estudyante ay maaring gamitin ng mga mag-aaral. Maliban sa ilang paaralan, karaniwan ay hindi kasali sa sistemang ito ang mga Japanese schools na nasa ibang bansa. Ang mga short-term schooling ay hindi rin kasali sa sistemang ito.

Uri ng exemption system	Halaga ng premiums	Halaga ng Basic Old-age Pension
Exemption para sa buong halaga	¥0	4/8
1/4 na kabayaran (3/4 ay exempted)	¥3,760	5/8
Kalahating kabayaran (kalahati ay exempted)	¥7,520	6/8
3/4 na kabayaran (1/4 ay exempted)	¥11,280	7/8
Youth Payment Deferral	¥0	0
Special Pension Payment Exemption para sa mga estudyante	¥0	0

## 6. Retrograde o Additional payment sa itinakdang Premiums

Sa panahong inaprubahan ang full amount exemption o partial amount exemption, maari ninyong bayaran ang premiums sa loob ng sampung taon (Retrograde o additional payment). Kung ganito ang nais ninyong gawin, ang kuwenta para sa future Basic Old-age Pension ay parehas o katumbas ng kabayaran ng buong halaga ng premiums.

Subalit, kapag gumawa kayo ng late payment matapos ang ikatlong taon mula sa taong inaprubahan ang exemption, at iba pa, may karagdagang charges o singil na ipapataw sa premium sa nasabing period.

## 7. Benepisyo na dulot ng National Pension

### (1) Basic Old-age Pension

Para sa mga taong tumupad sa mga kondisyon ng sistema, tulad ng pagbabayad ng premium sa National Pension ng higit sa 25 taon, ibigay ang principal amount ng pension mula sa edad ng 65 taong gulang.

★Halaga ng National Pension = 778,500 yen (ang taunang halaga para sa 2013, kapag nagbayad ng premiums sa sistema 40 taon)

### (2) Basic Disability Pension

Kapag pumailalim kayo sa kondisyon ng disability level 1 o 2, sanhi ng pakakasakit o pagkapilay, kung saan ang medical examination ay isinagawa sa enrollment period ng National Pension, makakatanggap kayo ng Basic Disability Pension.

★Halaga ng National Pension = 973,100 yen (taunang halaga para sa 2013 sa kaso ng level 1)

778,500 yen (taunang halaga para sa 2013 sa kaso ng level 2)

### (3) Basic Survivor's Pension

Kapag namatay ang taong nakarehistro sa National Pension, ang Basic Survivor's Pension ay babayaran sa namatayan na umaasa lamang sa namatay na miyembro para sa kanilang araw-araw na kabuhayan (asawang may anak o ang anak mismo).

★Halaga ng National Pension = 1,002,500 yen (taunang halaga para sa mula sa 2013 na babayaran sa asawang may isang anak)

※ Para sa panahong inilagi ng "naturalized" Japanese citizen sa ibang bansa hanggang sa 65 taong gulang o ang isang permanent resident, mula sa Abril 1, 1961 hanggang sa araw na binigyan ito ng Japanese nationality kung saan ay mula sa 20 hanggang sa 60 taong gulang, kasali ito sa minimum eligibility period ng 25 taon (ito ang tinatawag na "combined target period"). Ang combined target period ay kasali lamang sa pag-alam sa eligibility period para sa Basic Old-age Pension, subalit hindi ito tinuturing na basehan para sa pagkuwenta ng taunang halaga ng Basic Old-age Pension.

※ Ang Basic Disability Pension o Basic Survivor's Pension ay may ilang requirements para sa pagbabayad ng premiums. Para sa mga detalye, magtanong lamang. (Reperensiya sa "10. Kunsultasyon tungkol sa National Pension at mga katanungan")

## 8. Lump-Sum Withdrawal Payment

Kung ang payment period ng isang dayuhan sa National Pension premium (hindi kasali ang period sa Kategoriya 2 o Kategoriya 3) ay higit sa anim na buwan sa kabuuan at hindi pa nito natutupad ang minimum eligibility period sa ilalim ng Basic Old-age Pension, maari pa rin itong magsagawa ng request upang tumanggap ng Lump-Sum Withdrawal Payment sa loob ng dalawang taon mula sa araw ng nawalang tirahan sa Japan.

Ang halaga ng Lump-Sum Withdrawal Payment ay depende sa bilang ng buwang binayaran, ayon sa nakasaad sa kanan. (Kapag ang final payment month ay 2013 fiscal year)

※ Ang total period kung saan binayaran ang premiums ay kinukuwenta sa sumusunod.

Ang bilang ng buwan kung saan nagbayad ng buong halaga + (bilang ng buwan kung kailan ginawa ang kabayaran para sa 1/4)

※  $1/4 + (\text{bilang ng buwan kung saan kalahati ng halaga ay binayaran}) \times 1/2 + (\text{bilang ng buwan kung kailan ginawa ang kabayaran sa } 3/4) \times 3/4$

[Paraan ng paghiling]

(1) Dahil sa nawalang tirahan sa Japan, ibigay ang "Notice of Forfeiture of National Pension" sa tanggapan, kapag ipapaalam ang paglipat ng tirahan sa munisipyo. Magsagawa din ng aplikasyon para sa "Request of Adjudication Form for a Lump-sum Withdrawal Payment". Maaring makuha ang "Request of Adjudication Form for a Lump-sum Withdrawal Payment" form sa tanggapan ng opisina ng National Pension ng municipal o JPS Branch office sa buong bansa o homepage ng Japan Pension Service (JPS) (<http://www.nenkin.go.jp/n/www/service/detail.jsp?id=1728>)

(2) kapag ilalabas ang "Request of Adjudication Form for a Lump-sum Withdrawal Payment", ibigay ang mga nararapat na impormasyon request of adjudication at ipadala ito sa pamamagitan ng air-mail sa Japan Pension Service, 〒168-8505 3-5-24 Takaido Nishi, Suginami-ku, Tokyo-to.

※ Nais namin ipaalala na ang mga dating panahon kung kailan nakakatanggap kayo ng salapi ay hindi na kabilang sa iba pang benepisyo ng pension sa Japan at sa totalization benefits. Ito ay ayon sa kasalukuyang kasunduan para sa social security.

## 9. Tungkol sa Social Security Agreements

May mga bansa na may signed agreement sa Japan upang iwasan ang "double-enrollment" sa pension system at bigyang daan upang makatanggap ang mga miyembro ng pension na may combined enrollment period sa oversea pension system. Para sa mga detalye, bisitahin ang homepage ng Japan Pension Service. (<http://www.nenkin.go.jp/agreement/index.html>)

## 10. Kunsultasyon at mga katanungan ukol sa National Pension Plan

Para sa mga katanungan ukol sa National Pension, puntahan ang alin sa mga municipal office o JPS Branch office na pinakamalapit sa lugar ninyo at dalhin ang inyong Pension Handbook. Maaring malaman ang listahan ng JPS Branch office sa sumusunod na link. (<http://www.nenkin.go.jp/n/www/section/index.html>)

Para naman sa mga katanungan sa telepono, tawagan ang "NENKIN Dial" (May silbi sa pamamagitan ng Wikang-Hapon).

At kapag magtatanong kayo, maghanda kayo ng mga .pension pocketbook may numero ng pension.

- "NENKIN Dial (Para sa loob ng bansa)" . 0570-05-1165→Babayaran ninyo ang local-call
- "NENKIN Dial (Para sa banyaga)" +81-3-6700-1165→Babayaran ninyo ang international-call